



## *Kabanata 5: Paglilibot sa Hong Kong*

### **Code ng pagtawid sa kalye**

Mas ligtas ang tumawid sa mga tulay gamit ang mga footbridge, subway, “Zebra” crossing o “Green man” crossing. Kung wala kayong makitang alinman sa mga naturang pasilidad na tawiran, may ilang mga pangunahing hakbang upang makatawid sa mga kalsada na kailangan ninyong sundin:

1. Humanap ng ligtas na lugar kung saan makikita mong mabuti ang papalapit na trapiko sa mga kalye sa lahat ng direksyon.
2. Kapag tumitingin ng trapiko, manatiling malayo nang kaunti sa sidewalk para malayo ka sa mga dumadaang sasakyan.
3. Magmasid-masid sa trapiko at makinig. Gayunpaman, ang mga sasakyang de-kuryente/hybrid kabilang ang mga motorsiklo ay maaaring tumakbo nang napakatahimik. Kailangang bantayan ninyo ang mga iyon dagdag pa sa pakikinig. Kapag paparating ang trapiko, hayaan itong lumampas. Tumingin sa paligid at makinig muli.
4. Ipahiwatig sa mga driver ang intensyon mong tumawid pero huwag aasahang babagalan ng isang driver ang pagpapatakbo para sa iyo.
5. Huwag tumawid malibang tiyak mong may sapat kang panahon. Lumakad nang diretso patawid sa kalsada kung walang papalapit na trapiko.
6. Manatiling tumitingin at nakikinig sa mga sasakyang makikita o papalapit habang tumatawid.
7. Huwag gumamit ng mobile na telepono, makinig sa anumang audio device o makipag-usap habang tumatawid sa kalsada.

### **Paggamit ng mga lugar tawiran**

Ang mga tulong sa pagtawid ay madalas inilalaan para makatulong sa pagtawid mo sa mga abalang kalsada.

**Mga footbridge at subway:** Ang mga footbridge, subway at mga lakarang nasa itaas ang mga pinakaligtas na lugar para tawiran sa mga mataong kalsada sapagkat sa mga ito ay napapanatiling malayo ang mga tumatawid sa mga panganib ng trapiko.

**Mga tawirang “Zebra”:** Ang mga tawirang “Zebra” ay may markang mga guhit na itim at puti sa mga kalsada at mga linyang zigzag sa bawat gilid. Ang mga markang ito ay babala sa mga driver na maaring may mga tumatawid na mga pedestrian o naghihintay na makatawid sa kalsada. Sinasabi rin nito sa mga driver na magbigay-daan sa mga tumatawid na pedestrian. Ang dilaw na signal, ay karaniwang umiilaw, para markahan ang lugar ng tawiran. Palaging bigyan ang driver ng sapat na panahon na makita ka at pabagalin ang sasakyan at tumigil bago ka magsimulang tumawid. Kung kinakailangan, ihakbang ang isang paa sa tawiran. Hindi hihinto ang trapiko para sa iyo hanggang sa tumapak ka na sa tawirang “Zebra”.

**Mga tawirang “Green man”:** Kapag dumating ka sa tawirang “Green man”, tumayo sa pavement malapit sa kerb. Sa ilang mga crossing, may mga makikita kayong isang tactile unit na may touch sensor sa traffic light pole; hawakan ang sensor at maghintay (ang ilang “Green man” na crossing ay magbibigay ng berdeng signal sa mga pedestrian kapag nahawakan lamang ang sensor). Kapag umilaw na nang nakatigil ang ilaw na “Green man,” maaari ka nang tumawid nang maingat. Hindi ka dapat magsimulang tumawid kapag ang ilaw para sa pedestrian ay nagpapakita ng ilaw na “Green man” na patay-sindi. Kapag nagsimulang magpatay-sindi ang “Green man” habang tumatawid ka, magpatuloy lang sa paglakad at ipagpatuloy ang pagtawid. Huwag na huwag tumawid o magsimulang tumawid kapag ang ilaw para sa pedestrian ay nagpapakita ng “Red man”.

Kapag may island sa gitna ng tawiran, tumigil doon at sundin muli ang Road Crossing Code at ang mga nakasaad na mga alituntunin at payo sa itaas.

Hindi pinahihintulutan ang pagtawid sa mga zigzag na linya ng mga tawirang Zebra o sa 15 metrong pagitan ng mga tawirang “Green man”, footbridge at subway.

## **Kaligtasan sa pagbibisikleta**

Pakitandaan ang mga sumusunod na mga mungkahing pangkaligtasan kapag nagbibisikleta ka sa kalsada:

### **Mga dapat gawin**

1. I-check ang kondisyon ng bisikleta at magsuot ng helmet pangkaligtasan at mga protective gear bago magbike.

2. Tiyakin na ang warning bell at ang nasa likod na pulang reflector ay nakakabit sa bisekleta.
3. Sundin ang mga ilaw na signal ng trapiko, ang mga senyales ng trapiko, ang mga marka sa mga kalsada at ang mga pataakaran sa trapiko na angkop sa mga sasakyan sa pangkalahatan.
4. Sa mga panahong madidilim o malabo ang nakikita, magsuot ng maliliwanag, hindi matingkad ang kulay, fluorescent o reflective na damit/sinturon at tiyakin na ang nasa harapang puting ilaw at ang pulang ilaw na nasa likod ay bukas.
5. Palaging gumamit ng cycle track kung mayroon.
6. Palaging gumamit ng pang-isahang linya maliban kung may lalampasan o kikilo pakanan.
7. Magpatakbo ng sasakyan sa bandang kaliwa ng kalsada at bantayan ang mga lubak-lubak, mga pinagdugtungan ng mga pinapalawak na kalsada, mga takip at mga karil, at iba pa. Magpailaw kapag tumatawid sa mga kalsada.

### **Mga hindi dapat gawin**

1. Huwag mag-angkas.
2. Huwag magsakay ng mga bagay o mga hayop na maaaring makagambala sa iyong paningin o makasira sa iyong balanse.
3. Huwag bitawan ang mga handlebar o mga pedal kapag nagbibisikleta.
4. Habang nasa kalsada, huwag humawak sa ibang mga sasakyan o humila ng anumang bagay.
5. Ang bata na wala pang labing-isang taon ay pinapayagang sumakay ng traysikel sa kalsada nang walang kasamang nasa hustong gulang na.
6. Huwag magbisikleta sa footway.
7. Huwag makisabay sa agos ng trapiko mula sa gilid o magpalipat-lipat na parang zig-zag.
8. Huwag sumakay kapag nasa ilalim ng impluwensya ng alcohol o drugs.
9. Huwag gumamit ng mobile phone o headset habang nagbibisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon sa ligtas na pagbibisikleta, pakisuyong bumisita sa website ng Cycling Information Centre ng Transport Department sa [www.td.gov.hk/mini\\_site/cic/en](http://www.td.gov.hk/mini_site/cic/en).

### **Ligtas na pagmomotor**

Pakitandaan ang mga sumusunod na alituntunin at mga payo sa tuwing nagmamaneho ka:

### **Mga dapat gawin**

1. Sumunod sa mga regulasyon sa trapiko.
2. Magsuot ng sinturong pangkaligtasan (seat belt).
3. Laging maglaan ng dalawang-segundong layo sa pagitan mo at ng sasakyang nasa harapan mo.
4. Panatilin ang disiplina sa kalsada.

### **Mga hindi dapat gawin**

1. Huwag magmaneho nang nakainom o nang naka-drug.
2. Huwag magdrive kung nakakaramdam ng sobrang pagod o may sakit.
3. Huwag magmaneho na sobrang lapit sa sasakyang nasa harapan.
4. Huwag gumamit ng mga hinahawakang mobile phone habang nagmamaneho.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ligtas na pagmomotor, pakisuyong bumisita sa Safe Motoring Guides ng Transport Department sa [www.td.gov.hk/en/road\\_safety/safe\\_motoring\\_guides/index.html](http://www.td.gov.hk/en/road_safety/safe_motoring_guides/index.html).

## **MTR**

Ang MTR Corporation Limited ay nag-o-operate ng coordinated railway network sa mga lugar na urban, ang New Territories at Lantau Island, gayundin ang mabilis na koneksyon sa Hong Kong International Airport. Nagbibigay din ito ng mga lagusang serbisyong tren patungong Beijing, Shanghai, Guangzhou East, Foshan at Changping sa Mainland China.

Sakop ng network ang Kwun Tong Line, Tsuen Wan Line, Island Line, South Island Line, Tseung Kwan O Line, Tung Chung Line, Disneyland Resort Line, East Rail Line, Ma On Shan Line at West Rail Line. Ang mga tren ay tumatakbo kada 2-10 minuto sa panahon ng mga abalang oras at kada 3-12 minuto sa mga natitira pang oras mula 5:30 nang umaga hanggang 1:30 nang madaling araw araw-araw. Dagdag pa rito, sakop ng sistemang MRT ang Airport Express pati na ang Light Rail. Ang una ay nagbibigay ng serbisyo mula 5:50 nang umaga hanggang 1:15 nang madaling araw araw-araw kada 10 minuto. Ang huli ay tumatakbo araw-araw mula 5:10 nang umaga hanggang 1:20 nang madaling araw sa kada 3-18 minuto sa panahon ng mga abalang oras.

Ang Airport Express ay kumukuha ng mga paparating at papaalis na pasahero sa pagitan ng terminal ng pasahero sa Airport at ng Hong Kong Hong Kong Station sa mismong Central, dumadaan sa mgs istasyon ng Tsing Yi at

Kowloon. Ang serbisyo ay pinalawig pa hanggang sa AsiaWorld-Expo Station noong bandang hulihan ng 2005 upang maserbisyuhan ang international exhibition centre sa Airport.

Pinagdurugtong ng Light Rail network ang mga bagong bayan ng Northwest New Territories, ang Tuen Mun, Tin Shui Wai at Yuen Long. Kumokonekta ito sa West Rail Line na hanggang sa West Kowloon.

Mayroon ding mga inter-city na pampasaherong serbisyo sa pagitan ng Hong Kong at ng Mainland sa pamamagitan ng tatlong ruta ng through train patungong Beijing, Shanghai and Guangzhou East / Foshan / Changping. Sa kasalukuyan, may 12 pares ng through train ang tumatakbo sa pagitan ng Hung Hom at Guangzhou East araw-araw. Ang Beijing-Kowloon Through Train at ang Shanghai-Kowloon Through Train ay nag-o-operate nang halinhinang mga araw na may kabuuang oras ng paglalakbay na 24 at 19 mga oras.

Para sa mga katanungan: **2881-8888**

### ***Payo:***

Ang pinakakombinyenteng uri ng ticket ay tinatawag na “Octopus,” na isang may lamang halaga na card para sa maramihang biyahe sa MTR, sa lahat ng ruta ng may prangkisang bus at karamihan sa mga ruta ng lantsa (ferry). Kapag naubos na ang lamang halaga, maaari mong kargahang muli ang iyong card sa Add Value Machine / Customer Service Centre sa alinmang railway station o sa 7-11 Convenience Store. Maaaring gamitin ang Octopus Enquiry Processor para alamin ang natitirang halaga ng iyong Octopus. Para sa Light Rail, pakitandaan na kapag mayroon kang isahang sakay na ticket o na-validate mo na ang Octopus card, maaari ka nang sumakay ng tren nang direkta ng hindi dumadaan sa gate o turnstile. Gayunpaman, ang “honour” na systema ng pasahe ay isinasagawa nang may paminsan-minsang mga spot check na isinasagawa ng mga Passenger Services Assistant.

### ***Paalala:***

Ang mapa ng ruta ng MTR ay makikita sa likod ng Guidebook na ito.

## **Mga serbisyo ng may prangkisang bus**

Limang kompanya ang nag-o-operate ng mga serbisyo ng may prangkisang bus (franchised bus services) sa Hong kong. Ang mga ito ay ang Kowloon Motor Bus Co (1933) Ltd (“KMB”), Citybus Ltd (na may dalawang prangkisa),

New World First Bus Services Ltd (“NWFB”), New Lantao Bus Co (1973) Ltd (“NLB”) at Long Win Bus Co Ltd. Karamihan sa mga serbisyo ng bus ay bumibiyaha mula 6:00 am hanggang hating-gabi, na ang ilan ay bumibiyaha buong gabi.

***Payo:***

Hindi mo na kailangang bumili ng tiket para maglakbay sakay ng bus. Maghulog lamang ng eksaktong pamasaha sa kahon para sa pamasaha na katabi ng driver pagsakay mo. Mas madali pa, lahat ng nasabing bus ay tumatanggap ng bayad sa pamamagitan ng Octopus. Kung gusto mong bumaba, pindutin ang stop button.

Para sa mga katanungan:	Citybus	<b>2873-0818</b>
	KMB	<b>2745-4466</b>
	Long Win	<b>2261-2791</b>
	NLB	<b>2984-9848</b>
	NWFB	<b>2136-8888</b>

## **Mga minibus**

May dalawang uri ng minibus sa Hong Kong. Parehong kulay dilaw pero ang ilan ay pula ang bubong (mga pulang minibus) at ang iba ay mga berdeng bubong (mga berdeng minibus). Ang mga berdeng minibus ay naglalaan ng nakaiskedyul na serbisyo na may mga fixed na ruta, pamasaha, alokasyon ng sasakyan at mga timetable; ang mga pulang minibus ay nag-o-operate ng walang fix na mga ruta, pamasaha at timetable. Ang maksimum na makakaupo sa minibus ay tumaas mula sa 16 na upuan hanggang 19 na upuan mula pa noong 7 Hulyo 2017.

Ibinibigay ang mga pamasaha sa mga berdeng minibus kapag sasakay ka. All green minibuses accept payment by Octopus. Sa karamihan ng mga pulang minibus, magbabayad kayo kapag bababa na kayo. Tumatanggap ang ilang pulang minibus ng bayad gamit ang Octopus pero karamihan sa kanila ay hindi. Siguruhing mayroon kang eksaktong pamasaha kung sakaling maubusan ang driver ng pampalit.

***Payo:***

Para patigilin ang berde o ang pulang minibus para makababa ka, gawin ito na parang isang tagaroon at sabihin “yau lok” na ang ibig sabihin ay “stop please” sa Cantonese. Kung gusto mong bigyan ng papuri ang driver ng minibus, o

kung hindi ka nasiyahan sa serbisyo, kunin ang petsa, oras, lugar ng insidente gayon din ang numero ng rehistro ng sasakyan at tumawag sa transport complaint hotline sa **2889-9999** o **1823**.

## **Mga tram**

Ang mga double-decker na tramcar ay nag-o-operate sa kahabaan ng hilagang dalampasigan ng Hong Kong Island. Ang pinakamahabang ruta ay nagsisimula sa Western Market hanggang patungong Shau Kei Wan. May anim ding mga ruta ang nag-o-operate, ang mga ito ay: sa pagitan ng Shau Kei Wan at Happy Valley; North Point at Whitty Street (Shek Tong Tsui); Causeway Bay at Whitty Street (Shek Tong Tsui); Happy Valley at Kennedy Town; Shau Kei Wan at Western Market; at isang maikling ruta sa pagitan ng Western Market at Kennedy Town.

Ang pamasaha sa isahang biyahe para sa mga 12 taong-gulang o pataas ay \$2.3 habang \$1.2 naman ang sisingilin para sa mga batang ang edad ay wala pang 12 at \$1.1 ang bayad para sa mga senior citizen na may edad 65 o mas mataas. Walang ibinibigay na sukli kaya siguruhing may eksakto kang pamasaha. O magbayad gamit ang iyong Octopus card. Depende sa ruta ng serbisyo, ang serbisyong tram ay karaniwang nag-o-operate mula 6:00 am hanggang 12:00 ng hatinggabi araw-araw.

Para sa mga katanungan: **2548-7102**

## **Mga ferry**

Ang Star Ferry ay bumibiyaha sa pagitan ng Tsim Sha Tsui at Central mula 6:30 am hanggang 11:30 pm araw-araw at sa pagitan ng Tsim Sha Tsui at Wan Chai mula 7:20 am hanggang 11:00 pm mula Lunes hanggang Sabado (maliban kung mga public holiday) at mula 7:30 am hanggang 11:00 pm tuwing Linggo at mga public holiday. Para makasakay sa mga serbisyong Tsim Sha Tsui at Central o Tsim Sha Tsui at Wan Chai, bumili lang ng fare token mula sa vending machine o maghulog ng eksaktong pamasaha sa turnstile o gumamit ng Octopus card, at iba ang sisingiling pamasaha tuwing Sabado, Linggo at mga public holiday.

Ang New World First Ferry (NWFF) ay bumibiyaha mula Lantau Island (Mui Wo) at Cheung Chau, habang ang Hong Kong and Kowloon Ferry Ltd (HKK) ay nagbibigay-serbisyo sa Peng Chau; at ang Winnertex Ltd at Islands Ferry Company Ltd ay nagbibigay-serbisyo sa Lamma Island. Ang mga ferry na

ito na nagbibigay-serbisyo sa malalayong isla ay umaalis mula sa mga pier sa Central. Ang mga pamasaha ay mag-iiba depende sa iyong destinasyon at uri ng vessel, at ibang pamasaha ang sisingilin tuwing Linggo at mga public holiday.

Ang Discovery Bay Transportation Services Ltd (DBTPL) ay naglalaan ng 24-oras na serbisyo patungong Discovery Bay sa Lantau Island, na umaalis mula Pier 3 sa Central.

Ang Park Island Transport Company Ltd (PITCL) ay bumibiyahe patungong Ma Wan, na umaalis mula Pier 2 sa Central at Tsuen Wan Public Pier.

Ang lahat ng serbisyong ito ay tumatanggap ng bayad na cash o Octopus card.

Para sa mga katanungan:	Star Ferry	<b>2367-7065</b>
	NWFF	<b>2131-8181</b>
	HKK	<b>2815-6063</b>
	Winnertex	<b>2815-6063</b>
	Islands Ferry	<b>2815-6063</b>
	DBTPL	<b>2987-7351</b>
	PITCL	<b>2946-8888</b>

## Mga taxi

Ang mga urban taxi (pula) ay nag-o-operate sa karamihan ng lugar sa Hong Kong (maliban sa Tung Chung Road at mga daan sa timog Lantau). Ang mga taxi sa New Territories (berde) ay pangunahin nang nag-o-operate sa hilagang-silangang bahagi (ibig sabihin, hilaga ng Sha Tin) at hilagang-kanlurang bahagi (ibig sabihin, hilaga ng Tsuen Wan) ng New Territories. Ang mga Lantau taxi (asul) ay nag-o-operate lamang sa Lantau Island (maliban sa Discovery Bay) at Chek Lap Kok. Ang lahat ng taxi ay pinapahintulutang magbigay ng mga serbisyo sa Hong Kong International Airport at Hong Kong Disneyland. Ang mga address na nakasulat sa wikang Chinese na ipinapakita sa mga taxi driver ang pinakamabuting paraan para masigurong magiging epektibo ang pakikipag-usap.

Kapag ang taxi ay walang pasahero at maaaring i-hire, dapat nakadisplay ang maliit na pulang “For Hire” na flag malapit sa gitna ng bintana. Gayundin, sa gabi, ang sign na “TAXI” sa bubong ay dapat nakailaw. Sisingilin ang



pamasahe ayon sa mga aprobadong fare scale na makikita sa taximeter. Ang talaan ng pamasahe sa taxi ay naka-display din sa pinto sa loob ng taxi.

***Payo:***

Kung gusto mong papurihan ang driveer ng taxi, o kung hindi ka nasiyahan sa serbisyo, kunin ang numero ng rehistro ng sasakyan o ang impormasyon sa identity plate ng taxi driver (hal., plate number ng pagkakakilanlan ng taxi driver) at tumawag sa transport complaint hotline sa **2889-9999**. Kung may naiwan kang mahalagang bagay sa taxi, tumawag sa pulis o tumawag sa 24 Oras na Libreng Hotline ng Road Co-opt Lost and Found para sa pag-aari na nawala sa mga taxi sa **187-2920**.